Ako ay Pilipino

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 03 MARCH 15 - 21, 2021 10.00

CAPE
CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.

# Kumpiyansa ng publiko sa bakuna, inaasahang tataas pa

By Charmaine Odong

**Nagsimula na rin ang malawakang pagbabakuna kontra COVID-19 sa 114 healthcare workers ng Southern Tagalog Regional Hospital sa lungsod ng Bacoor, Cavite**

**Inaasahan ng Department of Health (DOH) na mas tataas pa ang kumpiyansa ng publiko sa bakuna matapos ang naging matagumpay na vaccination rollout sa iba't-ibang lungsod sa rehiyon ng Calabarzon, kabilang na ang Lungsod ng Bacoor nitong Miyerkules, ika-10 ng Marso.**

Ayon kay DOH Calabarzon Regional Director Eduardo C. Janairo, unti-unti nang nadadagdagan ang bilang ng mga healthcare worker na nais magpabakuna bilang proteksiyon sa COVID-19.

"Considering Laguna, Antipolo, Batangas Medical Center pati na rin ang Batangas City mismo ay tumawag sa amin na gusto na nilang magstart na magbakuna, nakikita ninyo yung taas bigla, nung una walang kumikibo pero ngayon gusto na nilang mauna specially sa Antipolo," pahayag ni Janairo.

Batay sa datos ng DOH, tinatayang 1.5 million na healthcare worker sa rehiyon ang target mabakunahan ng pamahalaang nasyunal. Sa kasalukuyan ay nasa 1,700 pa lamang ang nababakunahan simula noong nakalipas na linggo. Bunsod ito ng availability ng suplay ng mga bakuna at pagbibigay prayoridad sa mga COVID-19 Vaccination Facility na siyang kailangang unahin dahil sa exposure sa nakahahawang sakit.

Paglilinaw ni Janairo, naghihintay na lamang ng pagdating ng alokasyon ng bakuna ang ilang mga hospital upang masimulan na rin ang kanilang pagbibigay bakuna sa mga medical frontliners na kabilang sa master list. Gayundin ay hinikayat niya ang mga frontliners na huwag matakot sa bakuna kahit ano pa ang dumating dahil pangunahing layunin ng bakuna na bigyan ng panlaban sa nakahahawang sakit ang katawan ng ng mga taong matuturukan nito. "Mag-ingat po tayong lahat, wala pong pinakamabisang panlaban maliban sa bakuna kundi ang inyong mataas na panlaban sa sakit ang immune system ninyo at ang pagtupad ng health protocol," mensahe ni Janairo. (CO/PIA4A)

## Truth will prevail: AO 35 task force noe working on calabarzon high profile incidents

Department of Justice Secretary Menardo Guevarra is encouraging witnesses in high-profile incidents to come out and help the Administrative Order 35 task force on its investigation. One of the incidents he was referring to were the enforcement of warrants of arrest against suspected communist combatants working under the cloak of activist groups in CALABARZON.



Guevarra also said on Monday that the task force made assessment on what to investigate and created special investigating teams last week.

## 250 health workers working in private hospital sa bacoor, nabakunahan na

Ayon sa pabatid ng lungsod, ang mga doktor, nars at iba pang medical personnel mula sa St. Dominic Medical Center, Metrosouth Medical Center, Bacoor Doctors Medical Center, Southeast Asian Medical Center, South City Hospital and Medical Center, Molino Doctors Hospital, at Crisostomo General Hospital ay binigyan ng bakuna na Astrazeneca.

Magpapatuloy ang pagbabakuna sa iba pang mga health care worker hanggang ngayong araw, Marso 19, batay pa rin sa Pamahalaang Lungsod.


Ang pagbabakuna ay ginanap sa bagong bukas na Bacoor City Mega Vaccination Hub sa Bacoor Coliseum sa Molino III.

Samantala, hindi naman naitago ni Mayor Lani Mercado Revilla ang kaniyang kasiyahan dahil nabigyang proteksyon na sa pamamagitan ng bakuna ang mga frontliners ng kanilang lungsod.



"Lubos ang aking kasiyahang malaman na ang ating mga frontliners ay nabakunahan na. Sila itong araw-araw na direktang sumasagupa sa Covid-19 kaya marapat lamang na bigyan natin sila ng kahalagahan at proteksyon. Sisikapin nating matapos na mabakunahan ang ating mga medical practitioners para sa mga susunod na linggo ay makapag-umpisa na tayong makapagbakuna sa ating mga senior citizens," ani Revilla.

Source/Photo: City Government of Bacoor




Mayroon ka bang angking galing sa pagsusulat, pag-guhit, pagpipinta, pagsayaw, pag-arte, pagkanta, at iba pa? Maging isa sa AMBASSADORS ng CARMONA GUILD OF LOCAL ARTISTS o CGLA!

Ito ay bahagi ng kampanya ng Lokal na Pamahalaan na kilalanin at pagbuklurin ang local artists at linangin ang kanilang talento at pagkamalikhain habang itinataguyod ang yaman sa sining at kultura ng ating bayan.

Para sa mga nais na maging kabilang sa CGLA, mag-register lamang sa https://bit.ly/CGLARegistrationForm at hintayin ang text o tawag mula sa Municipal Information, Tourism, Culture and Arts Office (MITCAO).

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Gout Arthritis at Mataas ang Uric Acid

Ni Dr. Willie T. Ong

Ang gout ay isang pangkaraniwang sakit. Ang sintomas ng gout ay ang matinding pamamaga at pananakit ng mga kasu-kasuan ng mga daliri ng paa, kamay at tuhod. Sobrang sakit ang gout.


Para malaman kung gouty arthritis nga ang sakit, kailangan natin suriin ang Uric Acid sa isang blood test. Kapag mataas ito, gout ang dahilan ng iyong arthritis. Iba kasi ang gamutan ng gout sa ordinaryong arthritis lamang.

Nakukuha ang gout sa 2 bagay: (1) Lahi - Namana sa magulang, (2) Pagkain - Mahilig kumain ng mga pagkaing mataas sa uric acid.

Kapag inatake na ng gout, hindi na sapat ang pagdi-dyeta sa pagkain lamang. Kailangan ng maintenance na gamot para bumaba ang iyong uric acid levels sa dugo. Nagrereseta kami ng Allopurinol 100 mg o 300 mg tablet bawat araw depende sa taas ng iyong uric acid. Allurase at Llanol ang mga murang brand names. Mga P5 hanggang P10 ang bawat tableta. Inumin ito araw araw para hindi umatake ang gout. Kailangan po ito.

Sa oras ng pagsumpong ng gout, nagbibigay kami ng Colchicine tablets, 4 na beses sa maghapon. Puwedeng uminom ng Mefenamic Acid din para sa kirot.

Isang mahalagang tip lang po: Bawal ang Allopurinol tablets habang matindi ang




atake ng gout. Inumin lang ang maintenance na Allopurinol kapag humupay na ang sakit pagkalipas ng 2 araw.

Ganito lang po ang gamutan ng mga doktor sa gout! Simple lang, di ba?

Ano ang pagkaing dapat iwasan ng isang taong may gout?

Sa mga gulay, iwasan ang pagkain ng asparagus, cauliflower, mushroom at spinach. Mataas ito sa uric acid. OK lang ang kanin, pero dapat bawasan ang oatmeal at whole grain cereals.

Pagdating naman sa ulam, dito tayo nagkakatalo. Umiwas sa mga lamang loob (bituka, atay, utak, puso at kidneys), sisig, beans, sardines, tunsoy, tamban, dilis, bagoong, tahong at lahat ng klaseng mani. Ang gravy, patis, at lechon liver sauce at mataas din sa uric acid. At para sa mga alcoholic, umiwas sa pag-inom ng beer at alak kung ayaw mong atakihan ng sakit na gout.

Ano na lang ba ang puwede kainin? Puwede naman ang lahat ng gulay puwera sa mga nabanggit ko na. Ang gatas, keso at paminsan-minsan na karne ay pinapayagan din. Ang coffee, tea, gelatin at lahat ng prutas ay hindi bawal sa gout.

Ano ang mga gamot sa gout?

8725-2200 • 8570-9115 • 8726-5011 • 8570-9118 • 8723-8738

DATA IMAGES PLUS
Automation Phil. Inc.




VERGEL C. DALUZ
0933-0465033 / 0927-2327276
Tel. No. (02) 8726-5011
email: vergel.daluz@yahoo.com

# Sagot sa tanong kung nasaan ang bakuna at loans

Sinadya kong ilabas ang discussion "as is" sa ginawang press briefing ng Malacanang noong Biyernes kung saan sinagot ni vaccine czar Secretary Carlito Galvez ang mga paratang kung nasaan ang mga bakuna at ano ang nangyari sa approved loans nito. Si Presidential Spokesman Harry Roque ang moderator ng press briefing.

Mabuti nang maintindihan natin kung ano ang nangyayari sa harap ng tumataas na bilang ng COVID-19 ca-ses sa bansa at sa vaccination program ng pamahalaan:

SEC. HARRY ROQUE: Sa usaping bakuna at nagtatanong kung nasaan na ang mga ito, kasabay banggit sa vaccine funds, wala pong opisyal ng gobyerno na may access sa COVID-19 vaccine funds. Ang pagbibili ng bakuna ay of course through sa ating multi-sectoral partners tulad ng World Bank at Asian Development Bank mula pagbili procurement hanggang sa pagbayad ng mga bakuna ay ima-manage ng ating multilateral partners. Ibig sabihin po, bagama't tayo po ay binigyan ng kumbaga credit line, iyong pag-draw down po sa credit line para sa pagbili ng bakuna didiretso po iyan sa vaccine manufacturer. So hindi po dapat magtanong na sa kanila ng mga nautang na mga salapi ay nasaan ang mga bakuna, mayroon lang po tayong approved loans at iyong mga proceeds po ng loans diretsong ibabayad po iyan sa mga vaccine manufacturers at kasama po natin si Secretary Carlito Galvez ang ating Vaccine Czar para bigyan pa ng detalye ito.

Si Secretary Carlito Galvez siguro po muna to answer the questions asked by a senator: Nasaan daw po ang mga inutang nating mga salapi dahil wala pa raw pong dumarating na mga bakuna, Secretary Galvez?

SEC. CARLITO GALVEZ: May nagsabi po na isang senator na more than 126 billion ang inutang natin, iyon po sa vaccine, gusto lang po nating itama na ang sa vaccine po ang naka-allocate lang po is P1.3 billion, so more or less mga 60 billion po iyon at sa ngayon po ang ating mode of payments ay kapag natapos na po iyong tinatawag na sa supply agreements, may mode of payments po doon na kapag nagkaroon po ng tinatawag nating requirement ang ating World Bank—ang World Bank po ang requirement po niya ay dapat po mayroon po tayong tinatawag na pre-stringent regulatory authorization from different countries like US, UK, EU, so iyon po ang requirement niya. And then also iyong ADB naman ay mayroon isang stringent requirements or mayroon siyang tinatawag na kasama siya sa Emergency Use List ng World Health Organization. Sa ngayon po ang nagka-qualify po sa ating loan ay iyong ay iyong Moderna, napirmahan na po natin iyong 13 million at iyon po ay nakasalang po sa World Bank for their further evaluation. And then wala pa po tayong ibinabayad doon, dahil kasi after pa po ng mga tinatawag na may definitive delivery na, doon po natin babayaran.

Sa ngayon po ang ano po natin sa ADB, ang nilalatag natin sa ADB ay iyong Novavax at saka po iyong ating loan sa J&J. Doon po sa mga inano po natin na mga vaccine, portfolio of vaccine, wala po tayong nababayaran pa po doon; ang nabayaran pa lang po natin ay ang Sinovac, nabayaran natin ng 15% ng 700 million pesos. So iyon po.

And the next na ano po natin ay magkakaroon din po tayo ng, Sir Harry, ng procurement dahil most likely baka magkaroon po tayo ng EUA ng Gamaleya, lumabas po ngayong araw. So ang mangyayari po is magkakaroon tayo ng order for April na 3 million, so gumawa na po ako ng parang warming request to DOH na mag-prepare po ng more or less 1.5 billion para po doon sa tinatawag natin sa 3 milion po na dosage ng Gamaleya Sputnik V. And then mag-o-order din po tayo ng additional 2 million for April doon po sa Sinovac at iyon po ay worth 1.4 billion. All in all po, mga 3.9 billion for 5 million doses, iyon po ang ano po natin.

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## KUTOB NG KAPALARAN

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Gawin ang meditation na makakatulong para maalis ang mga ba-lakid sa iyong plano. Disiplina sa sarili ang kailangan para matamo ang konsentrasyon sa mga gawain. Matutupad ang mga pangarap mo. Lucky numbers at color for the day ang 56, 29, 13, 33, 55 at cyan blue.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Magiging masaya sa effect ng desisyon. Malalaman ang kainaman ng mabubusing pag-aanalisa sa resulta ng gawain. Lucky numbers at color for the day ang 33, 26, 49, 15, 43 at neon green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Hindi lahat ng hiling ay matatamo, pero ang pinakamabuti sa'yo ang mangyayari. Ipagpa-salamat ito. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 51, 15 at mango orange.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Huwag pansinin ang mga mapanirang tao. Pagtuunan ang mga gawaing pakikinaba-ngan mo. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 29, 15, 55 at lavender.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Asset mo ang talent sa sales, mabilis na makakapag-close ng deal at increasing ang income dahil dito. Lucky numbers at color for the day ang 53, 36, 49, 12, 22 at dollar green.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Pasalamatan ang mga kumukontra sa'yo. Dahil sila ang magpapatibay sa bawat kilos mo. Expanding ang iyong mga ideas. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 29, 53, 13 at cyan blue.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Inspired ka sa iyong desire, aakit ito ng coo-perative compo-nent. Matutupad ang mga wish. Lucky numbers at color for the day ang 53, 36, 49, 12, 21 at light brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Ang kontentong kalooban ang maghahatid ng tunay na kaligayahan sa iyong buhay. Aakit ito ng pros-perity. Lucky numbers at color for the day ang 33, 56, 49, 12, 21 at cinnamon brown.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Darating ang surprise blessing. Walang makakapigil sa nakalaan sa kinabukasan mo. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 59, 21, 13 at carrot orange.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Ang tinulungan ay magiging resource person mo sa bagong negosyo. Aangat ang kabuhayan mo. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 15, 55 at jade green.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang katotohanan ay mula sa kalooban. Kusa itong lilitaw at makikita ang tunay na intensiyon ng sinuman. Lucky numbers at color for the day ang 53, 36, 49, 11, 22 at pearl white.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) ang mga hamon ay malalampasan. Umiwas sa maaalat na pagkain. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 59, 22, 11 at marigold yellow.

# P5-M grant awaits women-led enterprise

MANILA – This year, the Department of Science and Technology (DOST) will be looking for five women-led social and technology-based enterprises to receive as much as a PHP5 million grant each, an executive said Friday. Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) held a soft launching of the Women-Helping-Women: Innovating Social Enterprises (WHWise) program last March 1 and will open the call for proposals from June 1-30.

"The WHWise program seeks to reduce gender biases by offering an exclusive program for women social entrepreneurs, so they will not compete with men for early-stage funding and assistance.," PCIEERD executive director Enrico Paringit told the Philippine News Agency in an interview on Friday.

Specifically, those who can avail of the program are women-led social enterprises that help or organize communities by providing sources of income, livelihood opportunities, and education; and women-led technology-based enterprises that require technology to carry out their operations efficiently, he said.

Paringit said PCIEERD has observed that social enterprises led by women are more attuned to the needs of communities. "So it has become the mission of this program to help these women succeed, so we can help feed more communities."

Mentorship from fellow women business advisers, technology assistance from PCIEERD's network of women scientists will also be provided through this program to better empower women entrepreneurs.

The DOST-PCIEERD will find partners and will determine the right assistance needed by the women entrepreneurs to succeed. This is also one of the reasons why PCIEERD is opening this call for women-focused organizations who would be interested to partner with the age to pitch-in the needed resources, mentorship, network, guidance, and training, Paringit said. PCIEERD shall match these resources with the funding for technology sourcing, technology improvement, training, business assistance, and incubation. The executive said the pilot program will provide assistance to five women entrepreneurs this year, but he hopes this will increase to at least 10 every year.

"We shall determine the specific needs of our women-led enterprises. A ceiling of PHP 5 million grant for each selected enterprise shall be provided, but a higher funding may be justified if needed," he said.

Paringit said call conferences will be held in April and May to explain the requirements, benefits, and mechanics of the program to interested women entrepreneurs. PCIEERD is also finalizing partnerships with different women-focused organizations that are willing to pitch-in resources and talent to further expand the services under the program. (PNA)

# DENR cautions vs. open dumps' improper closure

MANILA – The Department of Environment and Natural Resources (DENR) on Tuesday warned local government units against the improper closure of open dumps in their respective areas of jurisdiction.

In an online presser, Environment Undersecretary Benny Antiporda said the LGUs' responsibility regarding open dumps does not end with simply closing down these facilities.

"They need to conduct safe closure and (rehabilitation) to make sure the dumps won't produce methane gas that may eventually explode," he said.

He said merely covering the dumps with soil is prohibited.

"The LGUs might think if they just close the dumps, they won't be charged anymore and inspected by DENR - they're wrong," he said.

Antiporda, however, said the DENR will give LGUs concerned "ample time" to prepare for and undertake proper closure of their respective open dumps.

Republic Act 9003 or the Ecological Solid Waste Management Act of 200 defines an open dump as a "disposal area wherein the solid wastes are indiscriminately thrown or disposed of without due planning and consideration for environmental and health standards".

"No open dumps shall be established and operated, nor any practice or disposal of solid waste by any person, including LGUs, which constitutes the use of open dumps for solid wastes, be allowed after the effectivity of this Act," the law further said.

RA 9003 mandates that within three years after its effectivity, LGUs nationwide must convert respective open dumps into controlled dumps in accordance with guidelines under this law.

A controlled dump is a "disposal site at which solid waste is deposited in accordance with the minimum prescribed standards of site operation".

However, the law also said "no controlled dumps shall be allowed" five years after its effectivity.

In January, DENR Secretary Roy Cimatu ordered the closure of all open dumps in the country by end of March this year.

He also ordered all regional directors of DENR's Environmental Management Bureau (EMB) to step up respective efforts for achieving such target.

"We (will) shut down open dumps in the country," Antiporda said.

The EMB reported closure of open dumps in various areas of Luzon, the Visayas, and Mindanao.

Among those due for closure are 125 remaining open dumps across the country, it added.

Upon assuming DENR's top post, Cimatu prioritized solid waste management as he observed RA 9003 was neither promptly nor fully implemented despite the country's increasing waste generation.

He also noted that the strict implementation of RA 9003 already resulted in increased closure of open dumps, the establishment of more materials recovery facilities and sanitary landfills, and further development of LGUs' respective 10-year solid waste management plans. (PNA)

EMERGENCY
ALERT
ATE LANI EMERGENCY RESPONSE TEAM
DIAL 161

# LGU Bacoor City orders stringent protocols under MGCQ

By Ruel B. Francisco

BACOOR CITY, Cavite (PIA) -- In the wake of the continued rise in the number of new COVID-19 cases, the City Government here issued Executive Order No. 06 s. 2021 that orders the implementation of a much stricter quarantine guidelines under the Modified General Community Quarantine (MGCQ).

Issued on Friday, March 12, 2021 and effective immediately, EO 06-2021, is an order reiterating local directives and policies and revitalized action to curtail the spike in the community transmission of COVID-19 in various areas/ barangays in the city.

The order declares that curfew will be from 10pm-4am with prohibition for residents aged below 14 years and those 66 years and older are not allowed to leave their residences.

The sale and purchase of liquor/intoxicating drinks of any kind is strictly prohibited within the curfew hours with drinking and consumption of liquor limited within the house premises only.

Business establishments within the city jurisdiction should be closed by 9pm.

Strict implementation of the mandatory and proper wearing of face mask and face shield in all public areas and inside transport vehicles will be carried out by the Bacoor-PNP.

LGU officials urge the public to practice the prompt isolation of CoViD-19 patients in home quarantine to prevent infection within the household and in cases of suspected CoViD-19 symptoms felt, immediate notification of the Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) or Homeowners Association (HOA) HERT must be done, or call Alert 161 for help.

Meanwhile, the LGU had conducted the 2nd round of the CoViD-19 Vaccination rollout last Friday, March 12, 2021 at the Southern Tagalog Regional Hospital with about 160 healthcare workers that were inoculated.

Out of the said total, 77 medical frontliners were given jabs of the Sinovac while 83 received vaccines from AstraZeneca which were all part of the provision from the national government.

While the immunization does not totally guarantee safety from infection it somehow gives a certain degree of safety from having severe symptoms of the disease.

Health experts remind the public to make it a habit to frequently handwash, observe proper hygiene, proper wearing of face mask and physical distancing which is still the best defense against the virus. (Ruel Francisco with reports from Bacoor PIO)




PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 03 MARCH 15 - 21, 2021 10.00

# Tamang impormasyon sa bakuna, malaking tulong sa tiwala ng publiko - Dr. Javier

Bilang suporta ay sinaksihan ng Department of Health Calabarzon ang matagumpay na vaccination rollout sa lungsod ng Batangas sa pinakaunang hospital na nabigyan ng alokasyon ng bakuna sa buong lalawigan. (PIA4A)

Solusyon na maituturing ang pagkakaroon ng tamang impormasyon ukol sa bakuna upang madagdagan ang bilang ng mga boluntaryong medical frontliner na makiisa sa malawakang pagbabakuna kontra COVID-19.

Iyan ay batay sa naging pahayag ni Infection Prevention and Control Committee (IPCC) Head Dr. Jade Javier mula sa Batangas Medical Center sa naganap na vaccination rollout nitong Lunes, ika-8 ng Marso.

"Marami tayong mga tanong tungkol sa mga vaccines pero the first thing to do is get the right information. Hindi kailangan matakot kung alam mo ang mga bakuna, kilala mo ang mga bakuna at dapat tama rin ang nakukuha mong info," ani Javier.

Sinabi rin ng doktor na dumaan sila sa assessment at pinag-aralan ang bakuna kaya naman mabilis na rin nilang natanggap ang kaloob na bakuna ng pamahalaang nasyunal sa naturang hospital upang magkaroon ng dagdag proteksiyon sa nakahahawang sakit.

Ayon naman kay BatMC Chief of Hospital, Dr. Romancito C. Magnaye, walang dapat ikatakot sa bakuna partikular sa Sinovac vaccine sapagkat ligtas ang mga ito, gawa sa tradisyunal na paraan at dumaan sa masusing pag-aaral.

Gayunpaman, kung may nais na ibang klase ng bakuna ang mga healthcare worker mula sa kanilang pasilidad ay kanila itong igagalang.

"Kung maghihintay kayo ng ibang bakuna ay iginagalang po namin 'yon pero kung mas maaga kayo mabakunahan, mas maagap ang proteksiyon dito sa ating matagal nang kinakalaban na COVID-19," mensahe ni Magnaye.

Samantala, tinatayang 300 indibidwal ang naturukan sa unang yugto ng malawakang pagbabakuna sa Batangas Medical Center na isa sa COVID-19 Facility na nangangalaga sa mga positibong pasyente.

Patuloy naman ang ginagawang pagsuporta at pag-iikot ng Department of Health Calabarzon sa mga hospital na nagsasagawa na kanilang simulation pati na rin ang official vaccination rollout upang masiguro na nasusunod ang mga itinalagang patnubay para sa bakuna. (CO/PIA4A)

